

Ang Being Internet Awesome ay nangangahulugan ng pagiging matalino, alisto, malakas, at buo ang loob. Upang maipakita ang mga katangiang ito, ang lahat ng miyembro ng aming pamilya ay nangangakong tatalima sa mga sumusunod na pangako:



## Mag-ingat sa Ibabahagi

Maingat naming pag-iisipan ang mga bagay na aming ibabahagi – kung ano ang maaaring epekto nito sa amin at sa ibang tao – at sasarilinin na lang ang mga lubhang sensitibong impormasyon (hal. tirahan, kasalukuyang lokasyon, at mga nagaganap sa buhay ng ibang tao).



## Huwag Magpapaloko sa Peke

Magiging mapagmatyag kami laban sa phishing at scam at pinapangako namin na agarang isusumbong ang mga kaduda-dudang mga aktibidad o website.



## Pangalagaan ang Personal na Impormasyon

Responsibilidad naming pangalagaan ang mga mahahalagang impormasyon sa pamamagitan ng paglikha ng malakas, ligtas at kakaibang password na may iba't-ibang letra, numero at simbolo.



## Cool Maging Mabuti

Ipapalaganap namin ang positibong asal at respeto. Iba-block at ire-report namin ang mga nakakasakit at nakakasamang pag-uugali online. Kapag may nakita kaming may sinasaktan o inaapi online, kami ay magiging UPstander at hindi lang BYstander.



## Kapag may Pagdududa, Pagusapan

Ipagtatanggol namin ang aming sarili at ibang tao kapag may nakikita kaming sinasaktan at inaapi o may matuklasan kaming hindi tamang pag-uugali online. Pag-uusapan namin bilang pamilya ang mga sitwasyon kung saan hindi kami komportable.

Dahil ito ang kailangan upang maging ligtas kami at magkaroon ng kumpyansa sa Internet.

Lagda,

\_\_\_\_\_ ◆

\_\_\_\_\_ ◆

\_\_\_\_\_ ◆

\_\_\_\_\_ ◆